



# Ang Tanda ng Katapatan

## Leksyon 23

### 1. Nakita ni Juan ang ibang hayop na umaahon mula saan?

*Apocalipsis 13:11* \_\_\_\_\_

Sa nakaraang mga leksyon ating natutunan na ang “mga hayop” sa propesiya ay kumakatawan sa mga bansa, at ang “dagat” at ang “lupa” ay kumakatawan, magkabukod, ang silanganan at kanluraning mga . Kung gayon ang bansang kinakatawanan ng hayop na ito na “umaahon” sa isang kontinenteng hindi pa napaninirahan ng “mga bayan, mga karamihan, mga bansa, mga wika” (ihambing ang Genesis 1: 10 sa Apocalipsis 17: 15), nang sa gayun ding panahon ang unang hayop ng Apocalipsis 13 ay dinala sa “pagka-bihag” (tingnan ang Apocalipsis 13: 11, 10), ay tanging ang United States of America.

### 2. Paano isinalarawan ang hayop na ito?

*Apocalipsis 13:11* \_\_\_\_\_

Mula pa sa simula, ang United States ay natatangi na sa kaniyang kakaibang paghihiwalay ng iglesia at ng estado, na nagpapahintulot ng kalayaan sa relihiyon sa lahat ng mga tao. Subalit ang kaniyang ugaling tulad sa isang kordero ay uulong sa kapangyarihang nagsasalita tulad ng isang dragon.

### 3. Gaano karaming kapangyarihan ang isinasagawa ng hayop na ito?

*Apocalipsis 13:12* \_\_\_\_\_

### 4. Ano ang ipinagawa niya sa lupa at sa bawat tumatahan dito?

*Apocalipsis 13:12* \_\_\_\_\_

### 5. Anong dakilang mga tanda ang gagawin niya?

*Apocalipsis 13:13* \_\_\_\_\_

### 6. Ano ang ginagawa niya sa pamamagitan ng mga tandang iyon?

*Apocalipsis 13:14* \_\_\_\_\_

### 7. Ano ang kaniyang imumungkahi na gawin ng mga tao?

*Apocalipsis 13:14* \_\_\_\_\_

“At siya'y pinagkaloobang makapagbigay ng hininga sa larawan ng hayop.” Apocalipsis 13: 15. Sa panahon ng pamumuno ng unang hayop, ang mga batas relihiyoso ng iglesia ay ipinapatupad ng matatag na balikat ng estado, na nag-bunga ng pagkakaisa ng relihiyoso at kapangyarihang sibil. Kapag tutularan ng United States ang gayun ding paraan, ito ay lilikha ng larawan ng hayop.

### 8. Hindi na alam ang gagawin upang ipatupad ang mga tungkuling relihiyoso, ano ang susubukan ng pamahalaan na gawin ng lahat?

*Apocalipsis 13:16* \_\_\_\_\_

### 9. Anong mga paraan ang gagamitin upang pilitin ang lahat na tumanggap ng tatak na ito?

*Apocalipsis 13:17* \_\_\_\_\_

### 10. Anong huling kaparusahan ang ihahanda sa paglabag sa utos?

*Apocalipsis 13:15* \_\_\_\_\_

**11. Na may malakas na tinig, isang babala ang ibinigay laban sa kanila na anong ginagawa?**

*Apocalipsis 14:9* \_\_\_\_\_

**12. Sino ang walang kapahingahan araw at gabi?**

*Apocalipsis 14:11* \_\_\_\_\_

**13. Isang sugat na masama at mabigat ang bumagsak kanino?**

*Apocalipsis 16:2* \_\_\_\_\_

**14. Ang tanda ay tinanggap sa kanilang kanang kamay, o saan pa?**

*Apocalipsis 13:16* \_\_\_\_\_

**15. Nakita ni Juan ang isang anghel na umaakyat mula sa sikatan ng araw na may taglay na ano?**

*Apocalipsis 7:2* \_\_\_\_\_

**16. Ang bayan ng Diyos ay matatatakan saan?**

*Apocalipsis 7:3* \_\_\_\_\_

**17. Ano ang itatatak sa gitna ng bayan ng Diyos?**

*Isaias 8:16* \_\_\_\_\_

**18. Paano itatatak ng Diyos ang Kaniyang kautusan sa gitna ng Kaniyang mga alagad?**

*Hebreo 10:16* \_\_\_\_\_

**19. Kapag ang kautusan ng Diyos ay nakasulat sa ating mga pag-iisip, ano ang ating magiging patotoo?**

*Awit 40:8* \_\_\_\_\_

**20. Ano ang tawag sa kanila na tinatakan sa kanilang mga noo?**

*Apocalipsis 7:3* \_\_\_\_\_

“Mga alipin ni Cristo, na ginagawa mula sa puso ang kalooban ng Dios.” Efeso 6: 6

**21. Ang bayan ni Cristo ay inilarawan na mayroong anong nakasulat sa kanilang mga noo?**

*Apocalipsis 14:1* \_\_\_\_\_

**22. Nang ipahayag ng Diyos ang Kaniyang pangalan kay Moises, anong mga katangian ang Kaniyang binanggit?**

*Exodo 34:5-6* \_\_\_\_\_

**23. Ano ang mga salitang nakaukit ang malalagay sa noo ni Aarron?**

*Exodo 28:36-38* \_\_\_\_\_

**24. Ano ang hinihingi sa atin ng Diyos, upang ating matamo ang Kaniyang ugali?**

*Levitico 20:7* \_\_\_\_\_

*1 Pedro 1:16* \_\_\_\_\_

Ating natutunan sa nakaraang leksyon na ang “pakabanalin” ay nangangahulugang italaga para sa banal na paggamit; italaga. Upang gawing banal.

**25. Ano ang ginawa ng Panginoon na naghahayag sa Kaniyang kapangyariha bilang tunay na Diyos?**

*1 Cronica 16:26* \_\_\_\_\_

**26. Sa paglalang, ano ang ginawa ng Diyos na banal bilang tanda ng Kaniyang kapamahalaan?**

*Genesis 2:3* \_\_\_\_\_

**27. Ano ang ibinigay Niya sa atin bilang tanda na Siya ay ang Panginoon na nagpapabanal sa atin?**

*Ezekiel 20:12* \_\_\_\_\_

**28. Ano ang hiniling Niya sa atin na gawin bilang tanda ng ating katapatan sa Kaniya?**

*Ezekiel 20:20* \_\_\_\_\_

**29. Sa kabaliktaran, ano ang ipinahayag ng hayop bilang tanda ng kaniyang kapamahalaan?**

“Subalit ang pag-iisip Protestante ay parang hindi nakauunawa na...sa pangingilin ng Linggo...tinatanggap nila ang kapangyarihan ng tagapag-salita para sa iglesia, ang papa.” Our Sunday Visitor, Catholic weekly, February 5, 1950.

“Ang Linggo ang tatak ng aming kapangyarihan!...Ang iglesia ay mataas sa Biblia, at ang paglilipat ng pangingilin ng Sabbath ay katunayan sa katotohanang iyon.” The Catholic Record, London, Ontario, September 1, 1923.

“Siyempre and iglesia Katolika ay nag-aangkin na ang pagbabago ay kaniyang pagkilos...At ang pagkilos ay ang tatak ng kaniyang kapangyarihan at lakas eklesiastiko sa rehiyosong mga bagay.” Office of Cardinal Gibbons, through Chancellor C.F. Thomas, November 11, 1895.

“Ang pangingilin ng Linggo ng mga Protestante ay pagbibigay galang, sa kabila ng kanilang mga sarili, sa kapangyarihan ng iglesia.” Plain Talk About the Protestantism of Today, p 213, by Louis Segur, 1868 ed.

**30. Lahat ng kanilang pagsamba ay walang kabuluhan na gumagawa ng ano?**

*Mateo 15:9* \_\_\_\_\_

**31. Kapag ang mga utos na gawa ng tao ay salungat na sa kautusan ng Diyos, sino ang dapat nating sundin?**

*Gawa 5:29* \_\_\_\_\_

**32. Sino ang tatayo sa dagat na bubog, na mayroong mga alpa ng Diyos?**

*Apocalipsis 15:2* \_\_\_\_\_

**33. Paano sila nakapanagumpay?**

*Apocalipsis 12:11* \_\_\_\_\_

## **Sa Liwanag ng Salita ng Diyos....**

**O** Nauunawaan kong ang pangingilin ng Sabbath ay nagpapakita ng pagkilala sa kapamahalaan ng ng Maylalang.

**O** Nauunawaan kong ang pangingilin ng Linggo ay nagtatakda sa kanila na kumikilala sa kapamahalaan ng Hayop.

**O** Ninanais kong sumunod sa Diyos na may buong puso, na ang Kaniyang larawan ay nakasulat sa aking noo.

**Karagdagang mga puna:** \_\_\_\_\_

**Pangalan:** \_\_\_\_\_

**Susunod na Leksyon:** *Ikaw Ba ay Magiging Anak na Lalaki o Babae ng Diyos?*